Sama-Sama sa Pagsakay

Araw-araw, mas maraming tao ang nakakatuklas ng mga benepisyo ng sama-samang pagsakay papuntang trabaho. Hindi lamang ito madali at menos gastos kaysa magmaneho ng inyong sariling kostse, ito ay isang maginhawang paraan sa pagpasok at pag-uwi mula sa inyong trabaho.

Nagkakaloob ang King County Metro ng mga pampasaherong van at ng simpleng paraan na makatulong sa inyong maghanap ng mga kasamahan sa trabaho at ibang tao sa inyong lugar na nais maglakbay nang sama-sama papuntang trabaho.

Carpool

Kung kayo ay may kaibigan o kasama sa trabahong nakatira malapit sa inyo at nagtatrabaho ng kaparehong oras, maari kayong sumakay na magkasama at mababawasan nang kalahati ang inyong gastos sa pagmamaneho. Lalong malaki pa ang matitipid ninyo kung mag-carpool kayo kasama ang tatlo o apat pang ibang tao. Ang paglakbay nang magkakasama ay isa ring mas mabilis na paraang makarating sa trabaho sapagkat kayo ay maaring magmaneho sa daanan ng carpool, kung saan ay mas maluwag kaysa ibang daanan sa freeway.

Pampasaherong Van:

Vanpool

Maari kayong magkakasama sa biyahe papuntang trabaho mula apat na pinakakaunti, at labing-apat na tao na pinakamarami, at kayo ay mawiwiling sumakay sa isang maganda, maginhawang van na ipagkakaloob ng Metro. Ang van ay pinagmamay-ari, kinakargahan ng gasolina, minamantini, at pinaseseguro ng Metro, upang mas kaunti ang inyong alalahanin sa pagbiyahe. Isang tao sa inyong vanpool ang magboboluntaryong maging tsuper, at bilang kapalit, sila ay makakasakay nang libre. Ang tsuper ay maari ring gumamit ng van para sa kanyang personal na pagmamaneho. Ang lahat ng pasahero sa inyong van ay magbabayad ng mababang buwanang pasahe, na mas maliit kaysa magagastos ng pagmamanehong mag-iisa.

Vanshare

Kung nakatira o nagtatrabaho kayo sa isang lugar na walang bus at tren, maari kayong sumakay ng Metro van upang matulungan kayong makarating kung saan naroroon ang mga ito. Ito ang paraan kung paano ito magagawa: kung nakatira kayo sa Auburn at nagtatrabaho sa Seattle, maari kayong sumakay ng bus o LINK light rail papuntang kabayanang Seattle, at doon makipagtagpo sa apat o higit na tao ng inyong pangkat at magvanshare papunta sa mga pinagtatrabahuan sa mga pook tulad ng South Lake Union. Pagkatapos ng trabaho, imaneho ninyo ang van pabalik sa isang Metro park-and-ride o paradahan ng LINK at saka sumakay ng bus o light rail pauwi.

Paano makapag-umpisa:

- Upang sumali o mag-umpisa ng isang carpool, vanpool o vanshare, mangyaring mag-online sa www.RideshareOnline.com upang makakuha ng libreng talaan ng mga taong malapit sa inyo na katulad ninyong nagmamanehong mag-isa.
- Kumuha ng libreng Commuter Van Starter Kit online sa pamamagitan ng pagpunta sa http://metro.kingcounty.gov at piliin ang "Rideshare".
- Maari ninyong i-print ang Starter Kit o tumawag sa 1-800-427-8249 at papadalhan kayo nito sa koreo.
- Magtayo ng karatula sa trabahong naghahanap mga taong nais mag-commute nang sama-sama.
- Magtanong sa inyong boss kung mayroong tao sa trabaho na makakatulong sa inyong makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga Metro van.

Bus

Ang pagsakay ng bus ay isang mabuting paraan sa paglakbay papuntang trabaho. Planuhin ang inyong paglakbay online sa http://metro.kingcounty.gov o tumawag sa 206-553-3000, 1-800-542-7876 toll free, TTY Relay: 711.

Mga Kahulugan:

Pagbibiyahe: ang inyong paglakbay papunta at pauwi mula sa trabaho o eskwela.

Carpool: dalawa o higit na taong magkakasama sa iisang biyahe papunta sa trabaho o eskwela. Ang pagsakay kasama ng iba ay tinatawag ding "ridesharing."

Vanpool: pagbiyahe papunta at pauwi mula sa trabaho sakay sa isang Metro van na may kasamang apat na tao, sa pinakakaunti.

Vanshare: Ang paggamit ng isang Metro van sa bahagi ng inyong biyahe papuntang trabaho.